PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG – MAYO 23, 2023

# Mga Ahensya, Ipinagdiwag ang Pagtatapos ng SF Bay Ferry Clean Air Conversion Project

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayong araw ng Awtoridad sa Pang-emergency na Transportasyon ng Tubig ng (Water Emergency Transportation Authority, WETA) ng San Francisco Bay Area at Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District, Air District) na tapos na ang Gemini Class Clean Air Conversion Project ng WETA, na nagresulta sa pagbaba ng mga emisyon ng pagpaparumi sa hangin mula sa apat na vessel ng San Francisco Bay Ferry na naglalayag sa Oakland, Alameda, at Richmond.

Pinapatakbo na ng WETA ang pinakamalinis na ferry fleet sa bansa, at noong Setyembre 2021, ipinagpatuloy ng Lupon ng Mga Direktor ang progreso sa pamamagitan ng pag-aapruba ng $5.5 milyong proyekto para i-upgrade ang mga makina at mabawasan ang mga emisyon sa apat na Gemini-class vessel ng ahensya. Ang conversion sa mas malilinis na makina ay nagsimula noong 2022 at natapos sa unang bahagi ng 2023 sa JT Marine sa Vancouver, Wash.

Ang pagpopondo para sa Gemini class project ay mula sa Carl Moyer grant program ng Air District at mga nalikom mula sa buwis sa benta sa Panukala BB ng Komisyon sa Transportasyon ng County ng Alameda (Alameda County Transportation Commission, Alameda CTC.

Ipinagdiwang nina Alkalde ng Oakland na si Sheng Thao, Tagapamahala ng Mga Lupon ng Direktor ng WETA na si Jim Wunderman, at Alkalde ng Emeryville na si John J. Bauters, na nagsisilbing Tagapamahala ng Lupon ng Air District at Alameda CTC ang pagtatapos ng proyekto sa Oakland Ferry Terminal ngayong araw.

"Ipinapangako ng Oakland ang pagbabawas ng mga emisyon sa gas ng greenhouse para matugunan nating ang krisis sa klima at mabawasan ang polusyon sa ating mga komunidad," ayon kay Alkalde Thao. "Ipinagmamalaki kong makiisa sa ating mga katuwang habang ipinagdiriwang nating ang natapos na conversion ng mga Gemini class ferry na nagsisilbi sa ating lungsod. Ngayon, mas mae-enjoy na ng ating mga residente at bisita ang mga ferry, dahil alam nilang sumusuporta sila sa isang transportasyong hindi nakakasama sa klima."

Ang apat na vessel ay may Tier 2 na makina ng Ahensya sa Pagprotekta ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) ng U.S., humigit-kumulang 15 taon na ang nakaraan. Pinalitan ng proyekto sa conversion ang mga makinang iyon ng Tier 4 na certified na makina ng U.S. EPA, ang pinakamalinis na available. Ang mga emisyon ng nitrogen oxide (NOx) at hydrocarbon (HC) ay 73 porsyentong mas mababa at ang mga emisyon ng particulate matter (PM) ay 80 porsyentong mas mababa sa bawat isa sa apat na vessel.

Ipinagpapatuloy ng proyekto ang gawaing sinimulan ng WETA noong 2019, noong binuo ng ahensya ang unang high-speed na passenger ferry ng bansa gamit ang mga Tier 4 na certified na makina. Ngayon, 12 sa 16 na ferry sa San Francisco Bay Ferry fleet ang pinapagana ng mga Tier 4 na makina, ang pinakamalinis na high-speed at high-capacity na passenger ferry fleet sa bansa.

“Ang pagbabawas ng mga emisyon mula sa mga vessel ng San Francisco Bay Ferry ay pangunahing priyoridad para sa WETA,” ayon kay Jim Wunderman, Tagapamahala ng Lupon ng Mga Direktor ng WETA. “Kami ang unang gumamit ng pinakamalinis na teknolohiyang diesel na available, at malapit na tayong maging unang bansa na magpapatakbo ng mga high-speed at zero-emission na electric ferry. Mayroon tayong responsibilidad na bigyan ang Bay Area ng opsyon sa transportasyon na nagpapahusay sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin at ang lahat ng gawaing ito ay nakakonekta sa layuning iyon.”

Nakalikom na ang WETA ng halos $100 milyon para pasimulan ang pagpapatakbo ng zero-emission na serbisyo sa ferry sa U.S. Susuportahan ng mga pondong iyon ang konstruksyon ng limang maliit na battery-electric na ferry na maglalayag sa waterfront na kapitbahayan ng Alameda, Oakland, at San Francisco kasama ang downtown core, Treasure Island at Mission Bay. Inaasahang magsisimula ang konstruksyon ng mga zero-emission na vessel sa huling bahagi ng taong ito.

“Nag-aalok ang proyektong Gemini Ferry sa mga residente ng malinis na opsyon sa transportasyon para tumawid sa Bay habang binabawasan ang mga nakakasamang emisyon sa mga komunidad na pinakaapektado ng pagpaparumi ng hangin,” ayon kay Dr. Philip Fine, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Patuloy na nangunguna ang Bay Area sa pamamagitan ng pag-deploy ng pinakamalinis na equipment para mapreserba ang kalidad ng hangin, protektahan ang klima, at pangalagaan ang kalusugan ng ating mga komunidad.”

“Dalawa sa pangunahing priyoridad ng Alameda CTC ay paglipat mula sa mga single-occupant na sasakyan at pag-advance sa malinis na transportasyon, na may espesyal na pagtuon sa pagbabawas ng epekto sa kapaligiran sa mga komunidad na mababa ang kita ang community of color,” ayon sa Tagapagpaganap na Direktor ng Alameda CTC na si Tess Lengyel. “Kaya nasasabik na ang Alameda CTC para pondohan ang proyektong Gemini ferry sa pamamagitan ng mga pondo ng Panukala BB at tuparin ang mga pangakong ginawa sa mga botante ng County ng Alameda.”

Isinulong ng WETA ang proyektong ito sa labas ng mga panregulatoryong pinag-aatas para matupad nito ang berdeng fleet nito. Puwedeng gamitin ang mga vessel sa alinman sa anim na ruta ng San Francisco Bay Ferry, pero ang karamihan ay madalas na ginagamit sa Oakland, Richmond, South San Francisco, at Alameda. Ang mga bagong Tier 4 na makina ay ginawa ng Germany-based na MAN Engines.

**Tungkol sa WETA**
Ang WETA ay isang panrehiyong ahensya sa pampublikong transportasyon na may umuunlad, nagpapatakbo, at lumalawak na serbisyo sa ferry sa San Francisco Bay at may nakikipag-ugnayang pagtugon sa transportasyon sa tubig sa mga emergency sa rehiyon. Ang San Francisco Bay Ferry, isang serbisyo ng WETA, ay nagpapatakbo ng mga ruta ng ferry na nagkokonekta sa mga lungsod ng Alameda, Oakland, Richmond, San Francisco, South San Francisco, at Vallejo. May higit pang available na impormasyon sa https://sanfranciscobayferry.com/media-center.

**Tungkol sa Air District**
Ang Distrito ng Pamamahala ng Kalidad ng Hangin sa Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

**Tungkol sa Alameda CTC**
Ang Komisyon sa Transportasyon ng County ng Alameda (Alameda County Transportation Commission, Alameda CTC) ay nag-uugnay ng pambuong county na pagpaplano sa transportasyon at naghahatid ng mahalaga at sinusuportahan ng botante na mga pagpapahusay sa bawat lungsod sa buong County ng Alameda. Pinapangasiwaan ng Alameda CTC ang Programang Mga Ligtas na Ruta sa Paaralan (Safe Routes to Schools Program) ng county at ibinibigay ang karamihan ng pagpopondo nito sa pamamagitan ng inaprubahan ng botante na buwis sa benta sa transportasyon ng Panukala BB, na inaprubahan ng mahigit 70 porsyemto ng mga botante noong 2014. Bisitahin ang website ng Alameda CTC para matuto pa, at i-follow ang Alameda CTC sa Facebook at Twitter

**Para sa Mga Tanong ng Media:**
Thomas Hall, WETA, hall@watertransit.org, (707) 722-5280
Tina Landis, Air District, communications@baaqmd.gov